



KOMISYON NG PAGSUSUGAL SA ESTADO NG WASHINGTON

LOKASYON: 4565 7th Avenue SE, Lacey WA 98503

MAILING ADDRESS: P.O. Box 42400, Olympia WA 98504-2400

TELEPONO: 360-486-3440 / NUMERO NG FAX: 360-486-3631

TOLL-FREE SA STATE: 1-800-345-2529 / WEB SITE: www.wsgc.wa.gov

FORM NG PAGPAPATALA PARA SA PAG-AALIS SA SARILI

MGA TAGUBILIN

- ❖ Ang tao lang na nagpapatala sa programa sa boluntaryong pag-aalis sa sarili ang maaaring lumagda at magsumite ng form na ito.
- ❖ Kailangang kumpletuhin ang lahat ng field. Tatanggihan ang mga hindi kumpletong form.
- ❖ Malinaw na i-print ang lahat ng impormasyon.
- ❖ Pakibasa nang mabuti ang buong form ng aplikasyon.
- ❖ Magsumite ng nakumpletong aplikasyon, larawan ng ulo at mga balikat, kopya ng lisensya sa pagmamaneho sa estado / ID ng estado na may larawan o pasaporte na may larawan, at kasalukuyang katibayan ng pagkakakilanlan.
 - Sa personal sa anumang House-Banked na Cardroom o WSGC (Washington State Gambling Commission, Komisyon ng Pagsusugal sa Estado ng Washington) (address sa Lacey)
 - Ipadala ang aplikasyon, kopya ng lisensya sa pagmamaneho sa estado / ID ng estado na may larawan o pasaporte na may larawan, at kasalukuyang larawan ng hulo at mga balikat sa WSGC (P.O. Box) na nilagdaan ng:
 - Notaryo o
 - Sertipikadong Tagapayo sa Pagsusugal (Certified Gambling Counselor)
- ❖ Mga tinatanggap na form ng katibayan ng pagkakakilanlan:
 - Valid na lisensya sa pagmamaneho sa estado na may larawan,
 - Valid na ID na ibinigay ng gobyerno na naglalaman ng pangalan, larawan, at DOB ng tao, o
 - Valid na pasaporte

A PERSONAL NA IMPORMASYON			
PANGALAN: Apelyido		Pangalan	Gitnang Pangalan
MGA ALYAS			
ADDRESS:	Kalye o Ruta	Lungsod	Estado o Bansa Zip Code
PETA NG KAPANGANAKAN		KASARIAN <input type="checkbox"/> M <input type="checkbox"/> F <input type="checkbox"/> X	
TAAS	TIMBANG	KULAY NG MATA	KULAY NG BUHOK
NUMERO NG TELEPONO SA BAHAY / NUMERO NG CELL PHONE ()		ALTERNATIBONG TELEPONO 1 ()	ALTERNATIBONG TELEPONO 2 ()
Mga Email Address (hanggang 3)		EMAIL	EMAIL
# ng DOL (Department of Licensing, Kagawaran ng Pagliisensya) at katayuan ng Pagbibigay O # ng Pasaporte			

B PANAHON NG PAGPAPATALA

Piliin ang panahon ng pagpapatala para sa pag-aalis sa sarili. Kapag nakapagpatala na, **hindi ka maaaring** alisin sa programa bago ang napiling panahon ng pagpapatala.

Magsisimula ang panahon ng pagpapatala at ituturing kang nakapagpatala kapag ang isang nakumpletong form ay:

- Tinanggap ng house-banked na card room o ng WSGC sa personal o
- Natanggap sa pamamagitan ng koreo.

 1 taon

 3 taon

 5 taon

 10 taon
C LARAWAN

MAGLAGAY RITO NG KAMAKAILANG
MALINAW NA LARAWAN NG
PASAPORTE NA NAGPAPAKITA NG
ULO AT MGA BALIKAT NG TAONG
AALISIN

D KOPYA NG PAGKAKAKILANLAN NA MAY LARAWAN

MAGLAGAY NG KOPYA NG
LISENSYA SA PAGMAMANEHO SA
ESTADO /
ID NG ESTADO NA MAY LARAWAN O
PASAPORTE NA MAY LARAWAN

E PAGTANGGAP NG KALAHOK

Pakibasa nang mabuti ang bawat pahayag sa ibaba at maglagay ng inisyal na nagsasaad na nauunawaan at sinasang-ayunan mo ang pahayag.

Inisyal	
	1. Nauunawaan kong sa pamamagitan ng pagpapatala, hindi ako maaaring pumasok sa mga establisamiyento ng lahat ng may lisensya ng house-banked na card game at sa anumang nakikilahok na pasilidad sa pagsusugal ng tribo, na maaaring magbago sa panahon ng pagpapatala.
	2. Nauunawaan kong ang pagpapatala ko ay hindi maaaring bawiin para sa unang panahon ng pagpapatala na pinili ko at hindi ito maaaring baguhin o pawalan ng bisa para sa anumang dahilan.
	3. Nauunawaan kong patuloy akong mananatili sa listahan ng Pag-aalis sa Sarili pagkatapos mapaso ng aking inisyal na panahon ng pagpapatala, maliban na lang kung kukumpletuhin ko ang kinakailangang form upang alisin ang sarili ko.
	4. Nauunawaan kong ako ang may pangunahing responsibilidad na alisin ang sarili ko sa lahat ng house-banked na cardroom at nakikilahok na pasilidad sa pagsusugal ng tribo sa Washington.
	5. Nauunawaan kong pagbabawalan akong gamitin ang lahat ng serbisyo at/o amenidad na nauugnay sa mga house-banked na cardroom at nakikilahok na pasilidad sa pagsusugal ng tribo kabilang ang, ngunit hindi limtado sa mga restaurant, bar, bowling alley, serbisyo sa pag-encash ng tseke, at cash advance.
	6. Nauunawaan kong ang lahat ng membership sa club at account ng manlalaro sa ilalim ng mga house-banked na card room at nakikilahok na pasilidad sa pagsusugal ng tribo ay isasara at aalisin ang lahat ng naipong reward at puntos.
	7. Nauunawaan kong hindi ako bibigyan ng access sa serbisyo sa direktang mail at marketing, mga membership sa club ng bagong manlalaro, mga libreng serbisyo o item, mga pribilehiyo sa

E PAGTANGGAP NG KALAHOK	
Pakibasa nang mabuti ang bawat pahayag sa ibaba at maglagay ng inisyal na nagsasaad na nauunawaan at sinasang-ayunan mo ang pahayag.	
Inisyal	
	pag-encash ng tseke, mga programa sa mga reward para sa manlalaro, at iba pang katulad na benepisyo.
	8. Nauunawaan kong ang paghahayag ng ilang partikular na impormasyon tungkol sa aking pag-aalis sa sarili ay kinakailangan upang matupad ang kahilingan ko.
	9. Nauunawaan kong maaari akong hindi papasukin at/o palabasin sa mga establisamiyento ng house-banked na cardroom o nakikilahok na pasilidad sa pagsusugal ng tribo para sa anumang dahilan bukod sa pagtupad sa mga tungkulin ko sa trabaho.
	10. Nauunawaan ko na ang lahat ng pera at bagay na may halaga (mga chip sa pagsusugal) na nakuha o dapat ibigay sa iyo dahil sa ipinagbabawal na pagsusugal o pagbili ng mga chip sa pagsusugal at/o paglahok sa anumang awtorisadong aktibidad sa pagsusugal ay kukumpiskahin at ibibigay bilang donasyon sa isang organisasyong tumutulong sa pagkalulong sa pagsusugal, gaya ng nakasaad sa RCW (Revised Code of Washington, Inirebisang Kodigo ng Washington) 9.46.071 at WAC (Washington Administrative Code, Administratibong Kodigo ng Washington) 230-23-030.
	11. Nauunawaan kong hindi ako maaaring mangolekta ng anumang napanalunan o bumawi ng anumang nalugi dahil sa pagbili ng mga chip at/o paglahok sa awtorisadong aktibidad sa pagsusugal.

E PAGKUMPIRMA		
<p>Sa pamamagitan ng pagsusumite sa form na ito, hinihiling kong mapailalim sa Programa sa Boluntaryong Pag-aalis sa Sarili (Voluntary Self-Exclusion Program). Akin ang lagda sa form na ito at ang nakalakup na larawan dito.</p> <p>Ako ay intensyonal at boluntaryong nagpatala sa programang ito nang ayon sa kagustuhan ko at hindi dahil sa maling impluwensya ng sinumang tao o anumang alak o droga.</p> <p>Nauunawaan kong responsibilidad kong sumunod sa Programa sa Boluntaryong Pag-aalis sa Sarili pagkatapos kong magpatala.</p> <p>Kinukumpirma kong totoo at tumpak ang impormasyong ibinigay ko. Sa pamamagitan ng paglagda sa form na ito, isinasaad kong nauunawaan ko ang mga responsibilidad ko at tinatanggap ko ang mga kundisyon ng Programa sa Boluntaryong Pag-aalis sa Sarili.</p>		
LAGDA	NAKA-PRINT NA PANGALAN	PETSA

F PAGPAPAWALANG-PANANAGUTAN

Nauunawaan kong sa pamamagitan ng paglahok sa programa sa pag-aalis sa sarili, wala akong sapat na dahilan upang ihabla ang Estado ng Washington, komisyon, o anumang sugalan, mga empleyado, at mga opisyal nito dahil sa anumang pagkilos o omisyon sa pagpoproseso o pagpapatupad sa mga iniaatas ng programa sa pag-aalis sa sarili, kabilang ang pagkabigong pigilan ang isang indibidwal na magsugal sa isang awtorisadong sugalan. RCW 9.46.071(1)(e).

Pinapawalang-pananagutan ko, pinoprotektahan ko sa legal na pananagutan, pinapawalang-sala ko, at habambuhay kong inaabsuwelto sa obligasyon ang Estado ng Washington at ang Komisyon ng Pagsusugal sa Estado ng Washington, at ang mga empleyado at ahente nito, sa anumang habol, pinsala, pagkalugi, bayarin, o pananagutan sa akin at sa aking mga tagapagmana, administrador, testamentaryo, at pinagtalagahan ng mga pag-aari dahil sa anumang pinsala, monetaryo man o iba pang bagay, na maaaring magresulta, dahil sa o na may kaugnayan sa, aking pag-aalis sa sarili at dahil sa anumang pagkilos o omisyon na nauugnay sa kahilingang ito para sa pag-aalis sa sarili. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa (1) pagkabigo ng may lisensya ng house-banked na card game o anumang Tribo o anumang iba pang aktibidad na may kaugnayan sa pagsusugal sa Estado ng Washington na hindi ibigay o ibalik sa akin ang mga pribilehiyo sa pagsusugal, o sa (2) pagpapahintulot o hindi pagpapahintulot sa akin ng may lisensya ng house-bank na card game o anumang Tribo o anumang iba pang aktibidad na may kaugnayan sa pagsusugal sa Estado ng Washington na magsagawa ng aktibidad na may kaugnayan sa pagsusugal habang ako ay nasa listahan ng mga taong nag-alis sa sarili.

Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, kinukumpirma kong nauunawaan ko ang mga implikasyon ng desisyon ko at hinihiling kong mapabilang sa listahan ng Pag-aalis sa Sarili para sa inisyal na panahon ng pagpapatala na pinili ko.

LAGDA	NAKA-PRINT NA PANGALAN	PETSA
-------	------------------------	-------

G PAGTANGGAP SA APLIKASYON

SA PERSONAL: Kinumpleto ng kinatawan ng HBCR (House-Banked Card Room, House-Banked na Card Room) o ng tauhan ng WSGC..

IMPORMASYON NG EMPLEYADO NG HBCR	o	IMPORMASYON NG EMPLEYADO NG WSGC
LOKASYON (Pangalan ng HBCR)		LOKASYON (Opisina ng WSGC)
LAGDA		LAGDA
NAKA-PRINT NA PANGALAN		NAKA-PRINT NA PANGALAN
# NG LISENSYA NG WSGC		TITULO NG TRABAHO
PETSA		PETSA

Uri ng Sinuring ID na may Larawan:

DOL – Estado: _____

Pasaporte – Bansa: _____

ID na Ibinigay ng Gobyerno –

Uri ng ID: _____

G PAGTANGGAP SA APLIKASYON**IPINADALA SA PAMAMAGITAN NG KOREO:** Magpakita ng katibayan ng pagkakakilanlan at Naipanotaryo o Nilagdaan ng Sertipikadong Tagapayo sa Pagsusugal

Sumang-ayon at nanumpa (o pinatotohanan) sa harap ko ngayong

_____ araw ng, _____ 20 _____,

ni _____

 Personal kong kilala.

o

 Pinatunayan sa akin ayon sa sapat na ebidensya na ang taong humarap sa akin.

SELYO NG NOTARYO PUBLIKO

Lagda ng
Notaryo Publiko:

Mapapaso ang Aking Komisyon sa:

Sertipikadong Tagapayo
sa Pagsusugal LAGDA:

NAKA-PRINT NA PANGALAN:

ng Kredensyal ng DOH (Department of Health, Kagawaran ng Kalusugan)

PETA: